Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

7'6
9-24-10

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG SETYEMBRE 13, 2010, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |

**KAPASIYAHAN BLG. 163-T-2010**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET NG BARANGAY SAN JOSE NA NAGKAKAHALAGA NG APATNAPU'T LIMANG LIBO TATLONGDAAN LABING PITONG PISO AT LIMAMPU'T ANIM NA SENTIMOS (Php45,317.56) MULA SA LABIS NA INTERNAL REVENUE ALLOTMENT (IRA) SIMULA ENERO HANGGANG HULYO 2010 UPANG ILAAN SA 20% DEVELOPMENT FUND (Php9,063.51); 10% SK FUND (Php4,531.76); 5% CALAMITY FUND (Php2,265.88); SEMINAR (Php3,500.00) AT KAGAMITAN AT MATERYALES (Php25,956.41) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Karagdagang Badyet ng Barangay ng San Jose sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 49-T2010 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 06-T2010 na nagpapatibay ng halagang Php45,317.56 mula sa labis na IRA simula Enero hanggang Hulyo 2010 upang ilaan sa 20% development fund (Php9,063.51); 10% SK fund (Php4,531.76); 5% Calamity Fund (Php2,265.88); Seminar (Php3,500.00) at Kagamitan at Materyales (Php25,956.41) ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga tuntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** *sa mungkahi ng Kagalang-galang* Kagawad Laura P. Obligacion (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Ramon D. Tan, Serafin C. San Juan, Jr., Rolando Moises E. Acapulco at Laarni A. Malibiran at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Karagdagang Badyet ng Barangay San Jose na nagpapatibay ng halagang Php45,317.56 mula sa labis na IRA simula Enero hanggang Hulyo 2010 upang ilaan sa 20% development fund (Php9,063.51); 10% SK fund (Php4,531.76); 5% Calamity Fund (Php2,265.88); Seminar (Php3,500.00) at Kagamitan at Materyales (Php25,956.41) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sang. Barangay ng San Jose, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan